# PAANO BA ANG BOKASYONAL NA PAGSASANAY (VOCATIONAL TRAINING) SA ALEMANYA?

Nais ninyo ba matuto ng isang trabaho sa Alemanya? Makakahanap kayo dito ng mga mahalagang impormasyon tungkol sa bokasyonal na pagsasanay sa Alemanya.



GOETHE INSTITUT

## MAAARI BA AKONG PUMASOK NG BOKASYONAL NA PAGSASANAY O „VOCATIONAL TRAINING“ SA ALEMANYA? ANO BA ANG KWALIPIKASYON NA KINAKAILANGAN?

Ang bawat kompaniya mismo ang gumagawa ng desisyon, kung ano ang mag kwalipikasyon na hinahanap nila para sa isang trabaho na pang-vocational-training. Karaniwang importante ang school graduation, ang magagandang grado at ang kaalaman ng wikang aleman. Para makapasok sa isang vocational training kinakailangan ang diploma ng Hauptschule (High school). Kung hindi nakatapos ng high school, mahirap talaga makahanap ng lugar para sa vocational training.

## MAYROON AKO NG HIGH SCHOOL DIPLOMA GALING SA ISANG PAARALAN SA ALEMANYA

HINDI → 

## MAYROON AKO NG DIPLOMA NG ISANG PAARALAN SA IBANG BANSA

HINDI →

## WALA PA AKO NG DIPLOMA GALING SA ISANG PAARALAN

### ANG "QUALI"

Sa ilang mga pederal na estado mayroon ding kwalipikadong high school ("Quali"). Ito ay isang pagsusuri sa pagtatapos ng ika-9 na baitang. Hindi mo kailangang kunin ang Quali, ngunit ginagawang nito na mas madali makahanap ng isang lugar ng pagsasanay sa isang kumpanya.

OO

## IPA-RECOGNIZE ANG DIPLOMA NG PAARALAN

Mga impormasyon tungkol sa recognition o pagkilala ng mga diploma ng paaralan mahahanap ninyo sa **www.anerkennung-in-deutschland.de** at sa **www.anabin.kmk.org**

OO

## PAGTUTULOY NG PAG-AARAL

Matatanong ninyo sa administrasyon ng munisipyo, saan kayo maaari pumasok ng paaralan na malapit sa inyong tirahan. Para matanggap kayo sa isang paaralan, responsable ang puno ng paaralan na makipagugnayan sa Munisipiyo ng mga paaralan. Para malaman niyo kung aling baitang sa paaralan kayo mapapasok, kadalasan maaari kayo sumali sa isang trial lesson.

OO

## NAKAPAGDESISYON NA BA AKO SA GUSTO KONG TRABAHO?

HINDI →

## PAANO KO BA MAHAHANAP ANG, VOCATIONAL TRAINING‘?

**Website Berufe TV (Trabaho TV) ng Employment Agency** • Mga videos tungkol sa trabaho na pang vocational-training, simulang A hanggang Z sa **www.berufe.tv**

**Berufenet (Employment Agency)** • Mga impormasyon tungkol sa mga trabaho na pang-vocational- training at na pang college o university graduate sa **www.berufenet.arbeitsagentur.de**

**Federal Employment Agency** • Ang malapit na opisina saan makakuha kayo ng payo na personal sa **www.arbeitsagentur.de**

**Make it in Germany** • Hotline „Paghahanapbuhay at Paninirahan sa Alemanya“ sa **www.make-it-in-germany.com**

### TRIAL APPRENTICESHIP

Sa loob ng isang trial apprenticeship magtatrabaho kayo ng mga ilang araw lang sa isang kompaniya para mas makilala niyo malaman ang gagawin sa iyong napiling trabaho. Maghanap kayo ng impormasyon sa Youth Migration Service (**www.jugendmigrationsdienste.de**) o puntahan ninyo ng diretso ang kompaniya kung saan niyo gusto mag apprenticeship.

OO

## MAGHANAP NG LUGAR PARA MATUTO NG TRABAHO NA PANG-BOKASYONAL NA PAGSASANAY (VOCATIONAL TRAINING) AT ANG APPLICATION

**Federal Employment Agency** • Payo na personal tungkol sa application at sa paghanap ng trabaho, ang pinaka malapit na opisina sa **www.arbeitsagentur.de**

Mga impormasyon at guideline tungkol sa application sa **www.ausbildung.net**, **www.arbeitsagentur.de** at **www.planet-beruf.de**

**Job Exchange ng Employment Agency** • Makakahanap ng mga lugar para makatuto ng trabaho na pang vocational training sa **www.jobboerse.arbeitsagentur.de**

**Youth Migration Service** • Payo na personal at sa pamamagitan ng chat sa **www.jugendmigrationsdienste.de**

### ANG VISA SA PAGHAHANAP LUGAR NG PAGSASANAY

Maaari kang mag-apply ng isang visa upang maghanap para sa isang lugar ng pagsasanay sa loob ng 6 na buwan.

**Mga Kinakailangan:** Edad ay hanggang 25 taon, mga kasanayan sa wikang Aleman sa antas ng B2, isang degree mula sa isang paaralan sa Germany o isang degree na may kwalipikasyon na pang unibersidad, at sigurado/permanenteng kabuhayan.

### MGA PAKINABANG NG PAGSASALITA NG ALEMAN AT NG WIKANG PINAGMULAN

Kung magaling na kayo mag aleman, mas magiging matagumpay ang inyong bokasyonal na pagsasanay. Ang mga gawain sa bokasyonal na paaralan ay nasa wikang aleman lang. Ang lahat ng mga pagsusulit ay sa wikang aleman din. Maaari mapakinabangan ang inyong sariling wika sa paghanap ng trabaho. samakatuwid ay kapaki-pakinabang ang inyong sariling wika kung magagamit niyo ito sa mga teknikal na aspeto.

## ANG DUAL TRAINING

Halos lahat ng mga trabaho na pang-vocational-training ay natututunan sa loob ng isang dual system. Ibig sabihin nito, sa isang bahagi ang klase sa pagtuturo ay nasa kompaniya mismo (ang parte na praktikal) at sa pangalawang bahagi, ay nasa loob ng isang paaralan na bokasyonal (ang parte na theoretikal).

## ANG BOKASYONAL NA PAGSASANAY SA PAARALAN

Mayroon ng mga trabaho na pang-vocational-training, kung saan ikaw ay matututo sa loob ng mga „specialized vocational schools“ o „vocational academies“. Dito din tinuturo ang praktikal na parte ng iyong pag-aaral.

### SUPORTANG PANG-PINANSYAL

Kung hindi ka maaaring tumira kasama ang iyong mga magulang sa panahon ng iyong pagsasanay, hal. dahil ang bahay ng iyong mga magulang ay masyadong malayo sa iyong kumpanya ng pagsasanay, maaari kang mag-aplay para sa isang vocational training allowance (BAB). Maaari kang makahanap ng karagdagang impormasyon sa **www.arbeitsagentur.de**

## KATAPUSAN NG PROPESYUNAL NA KWALIPIKASYON

Pagkatapos ng 2 o 3 taon kayo ay magkakaroon ng pagsusulit. Sa loob ng mga trabahong tulad ng „crafting professions“ maaari kayong pumasok ng master training pagkatapos ninyo pumasa sa pangwakas na pagsusulit. Kailangan ang kwalipikasyon na ito, para makapagbigay kayo ng training sa inyong sariling kompaniya pagdating ng panahon.

## PAG-UMPISA NG TRABAHO

Makakahanap kayo ng tulong sa paghanap ng trabaho sa mga binanggit na lugar sa taas, katulad ng Federal Employment Agency o sa mga job exchanges o diretso kayo sa mga kompaniya mismo.

### KARAGDAGANG PROPESYUNAL NA PAGSASANAY

Sa maraming mga lugar makatuwiran na gumawa ng karagdagang pagsasanay kasama ng iyong trabaho. Sa ganitong paraan maaari mong paunlarin ang iyong mga kasanayan sa propesyonal at pagbutihin ang iyong mga pagkakataon sa job market. Ang isang komprehensibong database ng buong bansa tungkol sa pagsasanay sa karagdagang mga nag-aalok ay matatagpuan ka sa **www.kursnet-finden.arbeitsagentur.de**

## BALIK SA PAARALAN

Kapag nakatapos kayo sa vocational training, maaari kayong makakuha ng „general higher education entrance qualification“ o ng subject-specific university entrance qualification (halimbawa sa mas mataas na vocational school) at pumasok ng unibersidad. Sa pamamagitan ng university degree gaganda ang inyong pagkakataon ng makahanap ng trabaho na mas mataas ang sweldo.


Europäische Union

Europa fördert
Asyl-, Migrations-, Integrationsfonds

Ang proyektong ito ay katuwang na pinondohan ng Asylum, Migration and Integration Fund (AMIF).